

ACTIVITY

- A. **Gumuhit at Kulayan.** Iguhit ang altar na hinanda ni Propeta Elijah para sa kanyang paghahandog. Gamitin ang paglalarawan na ginamit sa kwento. Sa loob ng bawat batong iginuhit, isulat ang pangalan ng bawat tribo na bumubuo ng unang Israel.



- B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit hinamon ni Elijah ang mga propeta ni Baal?

2. Ano ang ginawa ni Elijah upang mas maging mahirap sunugin ang kanyang alay?

3. Ano ang sinabi ng mga tao pagkatapos nilang makitang nilamon ng apoy ang alay ni Elijah?

4. Ano ang resulta ng hamon ni Elijah sa mga propeta ni Baal?

5. Ano ang nagtapos sa tagtuyot sa Israel?

Si Elijah ay nagpakita ng malaking katapangan sa pamamagitan ng pagharap kay Haring Ahab, Reyna Jezebel, at sa mga propeta ni Baal. Hindi siya natakot na mag-isang tumayo para sa tunay na Diyos. Matapang din siya sa kilos at pananalita. Buong tiwala niyang hinamon ang mga propeta ni Baal at kinausap ang mga tao ng Israel dahil alam niya at naniniwala siya na makapangyarihan ang Diyos. Ang mga batang tulad natin ay matututong maging matapang, manindigan sa ating pananampalataya, ibahagi ito, at ang mga pinaniniwalaan nating tama, kahit na mahirap.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Daniel ay isang labindalawang taong gulang na batang lalaki na mahilig magbasa ng Biblia at matuto tungkol sa mga bayani ng pananampalataya. Hinahangaan niya ang kwento ni Elijah at kung paano niya pinatunayan ang kapangyarihan ng Diyos sa Bundok ng Carmel. Madalas naisip ni Daniel kung magkakaroon siya ng pagkakataon na ipakita ang ganoong tapang at pananampalataya.

Isang araw sa paaralan, naharap si Daniel sa isang sitwasyon na sumubok sa kanyang tapang. Nagkaroon ng Science Fair sa paaralan at tuwang-tuwa si Daniel na ipakita ang kanyang proyekto tungkol sa mga kamangha-manghang nilikha ng Diyos. Pinagsikapan niyang ipaliwanag kung paano nagpapakita ang iba't ibang aspeto ng kalikasan ng disenyo, at pagkamalikhain ng Diyos.

Sa araw ng Science Fair, napansin ni Daniel na iba't ibang uri ng mga proyekto ang ginawa ng kanyang mga kaklase. May ilan tungkol sa kalawakan, mga dinosaur, at

pagbabago ng klima. Ngunit may isang proyekto na kumuha ng kanyang atensyon. Ito ay ginawa ng isang batang nagngangalang Tom, na may pamagat na "Bakit Hindi Totoo ang Diyos."

Ang proyekto ni Tom ay naglalaman ng mga argumento na napatunayan ng Science na hindi totoo ang Diyos at ang paniniwala sa Diyos ay hindi na uso. Ang mga kaibigan ni Daniel, sina James at Lucas, ay humanga sa presentasyon ni Tom at nagsimulang sumang-ayon sa kanya. Sinimulan nilang tuksuhin si Daniel tungkol sa kanyang proyekto, sinasabing nasisira ang kanyang isip sa paniniwala sa Diyos.

Sa oras ng recess, tinanong ni James at Lucas si Daniel, "Totoo bang naniniwala ka sa lahat ng bagay na 'yan tungkol sa Diyos? Hindi ba mas may katuturan ang proyekto ni Tom?"

Huminga ng malalim si Daniel at naalala ang kwento ni Elijah. Alam niyang kailangan niyang ipagtanggol ang kanyang pananampalataya, tulad ng ginawa ni Elijah.

"Oo, naniniwala ako sa Diyos," sabi ni Daniel nang matatag. "Naniniwala ako na ipinapakita ng Science ang kamangha-manghang mga bagay na ginawa ng Diyos. Dahil lang sa naipapaliwanag natin kung paano gumagana ang mga bagay ay hindi ibig sabihin na hindi totoo ang Diyos. Sa katunayan, ipinapakita nito kung gaano nakamamangha ang Kanyang nilikha."

Nagulat sina James at Lucas. "Pero hindi ka ba natatakot sa iisipin ng iba?" tanong ni James.

Umiling si Daniel. "Hindi, hindi ako natatakot. Ang mahalaga ay kung ano ang iniisip ng Diyos, at alam kong totoo Siya. Dapat nating igalang ang paniniwala ng bawat isa, pero hindi ko titigilan ang paniniwala sa Diyos dahil lang sa hindi sila sumasang-ayon sa akin."

Narinig ni Tom ang kanilang pag-uusap at lumapit. "Totoo bang naniniwala ka sa mga bagay na 'yan, Daniel?"

"Oo, naniniwala ako," tugon ni Daniel nang kalmado. "At handa akong pag-usapan ito kung interesado ka."

Ngumisi si Tom pero hindi na nagsalita pa. Mukhang iginalang nina James at Lucas ang tapang at paninindigan ni Daniel. Tumigil sila sa pagtutukso sa kanya at nagsimulang magtanong pa tungkol sa kanyang paniniwala.

Sa pagtatapos ng Science Fair, nanalo si Daniel ng espesyal na gantimpala para sa pagiging malikhain at pagsisikap. Pinahalagahan ng mga hukom kung paano niya pinag-ugnay ang Science at pananampalataya, na nagpapakita ng natatanging pananaw.

Sa kanyang mga kilos, natutunan ni Daniel na ang pagtindig para sa iyong pinaniniwalaan, kahit mahirap, ay maaaring magbigay-inspirasyon sa iba at magdulot ng positibong epekto. Ang kanyang tapang at pananampalataya, tulad ni Eljiah, ay nagpakita sa lahat na mahalaga ang paninindigan sa iyong paniniwala at pagtitiwala sa Diyos.

Mga tanong.

1. Ano ang pagkakaiba ng proyekto nila Daniel at Tom sa Science Fair?

2. Ano ang reaksiyon ng mga kaibigan ni Daniel na sina James at Lucas sa proyekto ni Tom?

3. Paano tumugon si Daniel nang tanungin nina James at Lucas ang kanyang paniniwala sa Diyos?

4. Ano ang iniaalok ni Daniel na gawin nang tanungin ni Tom ang kanyang paniniwala?

5. Anong aral ang natutunan ni Daniel sa kanyang karanasan?

Si Daniel ay nagpakita ng malaking tapang sa paninindigan para sa kanyang pananampalataya sa Diyos, kahit na ang kanyang mga kaibigan at kaklase ay hindi sumang-ayon sa kanya. Sa kabila ng hindi pagkakasundo, magalang at mahinahon si Daniel nang makipag-usap sa kanyang mga kaibigan at kay Tom. Ang pag-alok ni Daniel na makipag-usap kay Tom tungkol sa kanyang mga paniniwala ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging bukas sa talakayan at handang magbahagi ng pananampalataya sa isang magalang na paraan.

Dapat matutunan ng mga batang tulad natin ang kahalagahan ng pagiging matapang at manatiling tapat sa ating mga paniniwala, kahit na mahirap. Dapat nating matutunang harapin ang mga salungatan at pagkakaiba sa isang magalang na paraan at makisali sa makabuluhang pag-uusap tungkol sa ating mga paniniwala.



D. Memory Verse

Sapagkat tayo'y mga anak ng Diyos, huwag nating akalain na ang kanyang pagka-Diyos ay mailalarawan ng ginto, pilak, o bato na pawang likha ng isip at gawa ng kamay ng tao.

Mga Gawa 17:29